

Enhanced Vegetation Management

TAGAPAGSALAYSAY: Ang pinakamahalagang responsibilidad ng PG&E ay ang kaligtasan ng aming mga kostumer at pamayanan. Patuloy na nakakaranas ang California, Oregon, at Washington, at ang iba pang mga estado sa Kanluran ng pagtaas ng panganib ng sunog at isang mas mahabang panahon ng wildfire, ang PG&E ay may pananagutan sa mga pamayanan na aming pinagsisilbihan na mapanatili ang kaligtasan ng aming sistema ng kuryente. Kabilang dito ang pakikipagtulungan sa mga kostumer at pamayanan sa pamamagitan ng aming mga programa sa pamamahala ng mga halaman upang ilayo ang mga puno sa mga linya ng kuryente. Sinisiyasat ng aming taunang Vegetation Management Program ang humigit-kumulang 100,000 milya ng mga overhead na linya ng kuryente bawat taon, na may ilang mga lokasyon na pinapatrolya nang maraming beses sa isang taon; tumutugon sa mga pamantayan ng estado sa pamamagitan ng pagpungos o pagputol ng higit sa 1 milyong puno taun-taon upang mapanatili ang isang ligtas na distansya mula sa mga linya ng kuryente; at pinuputol ang mga patay, may sakit, namamatay, o depektibong puno, na pangunahin sa mga lugar na apektado ng tagtuyot at mga bark beetle. Upang matugunan ang mga halaman sa mga lugar na may mataas na banta sa sunog, pinahusay namin ang aming gawain sa kaligtasan ng mga halaman. Ang aming Enhanced Vegetation Management Program ay lumampas sa mga pamantayan ng estado para sa pinakamababang distansya sa paligid ng mga linya ng kuryente, kabilang ang pagpungos ng mga nakabitin na sanga hanggang sa kalangitan; nagsasagawa ng mga karagdagang pagsisiyasat na lampas sa mga taunang patrolya; at sinusuri ang kalagayan ng mga puno na maaaring kailangang tugunan kung ang mga ito ay sapat na mataas upang tamaan ang mga linya o kagamitan. Ang aming trabaho sa mga halaman ay isa sa ilang maagap na hakbang na isinasagawa ng PG&E bilang bahagi ng aming komprehensibong Community Wildfire Safety Program, na kinabibilangan ng mga maikli, katamtaman, at pangmatagalang plano upang gawing mas ligtas ang aming buong sistema, mula Bakersfield hanggang Eureka. Ang mga puno ay isang malaking bahagi ng kung bakit natatangi at maganda ang natural na kapaligiran ng Northern at Central California. Tulad ng aming mga kostumer, pinahahalagahan namin at pinasasalamatan namin ang mga puno at sa natural na kapaligiran. Gayunpaman, ang mga puno na masyadong malapit sa o nagbabanta sa mga linya ng kuryente ay maaaring mapanganib at inilalantad ang mga komunidad na aming pinagsisilbihan sa panganib ng wildfire. Patuloy kaming makikipagtulungan sa aming mga kostumer sa mga kalutasan na nagpapaliit ng mga panganib sa aming imprastruktura sa panahon ng mataas na banta ng sunog, pati na ang pag-asa sa kuryente bawat araw. Para sa mga pinakabago sa mga pagsisikap ng PG&E sa kaligtasan sa wildfire, bumisita sa pge.com/cwsp.